



San Miguel Aerocity Inc

Statement of Commitment ukol sa Karapatang Pantao

Pahayag

Sentro sa operasyon at prinsipyo ng San Miguel Aerocity Inc. (SMAI) at San Miguel Corporation bilang mga kompanya ang paggalang sa karapatang pantao. Mahalaga din sa SMAI at San Miguel Corporation ang paggalang at pagpapanatili ng karapatang pantao sa mga komunidad kung saan may negosyo o proyekto. Nangangako ang mga kumpanya sa paggalang sa mga karapatang pantao habang itinataguyod at ipapatakbo sa kalaunan ang New Manila International Airport (ang "Proyekto") alinsunod sa mga pamantayan at prinsipyo ng San Miguel Corporation, ang aming pangunahing kumpanya, ginagalang ng SMAI ang mga interes ng mga tao at komunidad na aming maaapektuhan. Ang SMAI ay kumikilos nang tapat, patas, at may integridad upang maging positibong epekto sa mga komunidad.

Paraan ng karapatang pantao

Nakatuon ang SMAI sa pagtalima sa pinakamataas na pamantayan ng etika at integridad sa negosyo, kabilang ang suporta para sa United Nations Guiding Principles on Business and Human Rights. Ang aming pamamaraan ay ginagabayan ng kinikilalang internasyonal na mga prinsipyo ng karapatang pantao mula sa *International Bill of Human Rights*, ng Declaration on Fundamental Principles and Rights at Work ng *International Labour Organisation (ILO)* at ng *Performance Standards on environmental and social sustainability* ng *International Finance Corporation (IFC)*.

Ang mga responsibilidad ng aming mga kontratista, mga supplier, at mga kasosyo

Nakikipagtulungan at hinihikayat ng SMAI ang lahat ng empleyado sa Proyekto mula sa mga kontratista nito (kabilang ang mga pansamantalang manggagawa), mga supplier at mga kasosyo sa negosyo na igalang at itaguyod ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pahayag na ito at ang *Supplier Code of Conduct*, na nagtatatag ng mga pangunahing prinsipyo na dapat igalang ng lahat ng mga supplier sa pagsasagawa ng kanilang mga aktibidad sa negosyo, na ayon sa anumang kontrol mayroon ang SMAI sa pamamahala nito. Kung saan ang aming impluwensya ay limitado, sisikapin ng kumpanya na mahikayatin sila na itaguyod ang Statement of Commitment na nasasaad dito.

Pagpapatupad

Ang Statement of Commitment na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang direksyon para sa mga kawani ng Proyekto at mga operasyon ng SMAI na may kaugnayan sa mga pangako at responsibilidad sa karapatang pantao.

Upang maipatupad ang mga pangakong ito ukol sa mga karapatang pantao at bilang pagkilala sa mga internasyonal na pamantayan, bumuo ang SMAI ng plano para sa pamamahala ng karapatang pantao na nagtatakda kung paano ito isasagawa. Ang planong ito ay nakahanay sa mga plano sa pamamahala sa kapaligiran at panlipunan ng Proyekto. Ang planong ito ay sinusuportahan ng mas detalyadong mga patakaran, mga sistema ng pagsubaybay at pag-uulat, mga mekanismo ng pananagutan at iba pang mga aktibidad. Ang layunin ay tukuyin, iwasan, mapagaan at kung naaangkop, iwasto ang mga potensyal na masamang epekto sa karapatang pantao na dulot ng o direktang nauugnay sa Proyekto.

Kasama sa mga hakbang na ito ang:

- Ang mga naaangkop na mekanismo ng pamamahala na inilagay upang pangasiwaan ang pamamahala ng mga panganib at epekto sa karapatang pantao sa pamamagitan ng itinatag na grupong nagtatrabaho sa pamamahala ng epekto ng Proyekto at komite ng namumuno.

- Mabisa, patuloy at may kaalamang pakikipag-ugnayan sa mga kasapi na apektado o potensyal na apektadong komunidad sa paligid ng Proyekto at upang matukoy ang lawak ng mga panganib at epekto na natukoy sa pamamagitan ng *Project environmental and social impact assessments (ESIAs)* at *human rights impact assessments (HRIAs)*.
- Matibay na pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa, kontratista, supplier at panlabas na kasapi upang matukoy ang mga pwedeng umusbong na mga panganib sa pagtataguyod ng karapatang pantao upang matukoy ang mga naaangkop na hakbang upang matugunan ang mga ito.
- Aktibo at patuloy na komunikasyon ng ating Pangako sa mga karapatang pantao at ang Pahayag na ito sa mga empleyado ng Proyekto, mga kontratista, mga supplier at mga apektadong komunidad, kabilang ang pagpapataas ng kamalayan, pagsasanay at pagbuo ng kapasidad.
- Matibay at epektibong panloob at panlabas na mekanismo ukol sa mga karaingan at paggamit sa mga proseso na pwedeng magremedyo at matugunan ang mga isyu sa karapatang pantao. Ang mga ito ay tutuloy at tutulong sa mga indibidwal o grupo kung ang kanilang mga karapatang pantao ay nilalabag ng aktibidad o mga epekto ng Proyekto.
- Regular na pagsubaybay at pag-uulat sa mga panganib sa pagtataguyod sa karapatang pantao, tulad ng mga karapatan ng mga manggagawa o mga epekto sa paglipat ng mga tirahan at makabuluhang epekto sa kabuhatan, upang maiwasan at matukoy ang anumang mga paglabag dito.
- Isang pangako na agarang imbestigahan ng anumang makatotohanang mga paratang ng pang-aabuso sa karapatang pantao at umakson ng nararapat, kabilang ang naaangkop na remedyo, pagpapagaan ng mga paulit-ulit na paglabag at pagsangguni sa mga awtoridad.

Naniniwala ang SMAI na ang Proyekto ay maaari at dapat pakinabangan ng mga lokal na komunidad gayundin ng mga tao sa mas malawak na rehiyon ng Pilipinas. Kinikilala rin na ang Proyekto ay maaaring magdulot ng mga panganib sa pagtataguyod sa mga karapatang pantao, sa lipunan at sa kapaligiran.

Ang mga prinsipyong ito ay itinatag para sa Proyekto upang ipatupad at pamahalaan ang mga kapansin-pansing panganib sa karapatang pantao at mga epekto na kasalukuyang natukoy sa pamamagitan ng proseso ng HRIA:

Mga panganib at epekto	Mga prinsipyo ng proyekto at pangunahing aksyon
Pang-ekonomiya at pisikal na paglipat ng mga tao sa pamamagitan ng Proyekto	<p>Suportahan ang karapatan sa pagpapanitili ng kabuhatan sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga trabahong apektado ng pagkuha ng lupa, mga aktibidad ng proyekto o reloksyon sa pamamagitan ng <i>resettlement action plan</i> at <i>livelihood restoration plan</i></p> <p>Subaybayan ang pagpapatupad ng mga plano sa reloksyon at kabuhatan</p>
Mga panganib sa mga karapatang manggagawa at kaligtasan ng mga manggagawa sa proyekto sa buong supply chain sa panahon ng konstruksiyon at operasyon	<p>Ang pagsunod sa mga batas at regulasyon sa <i>compulsory or forced labor</i> at <i>child labor</i></p> <p>Ang pagsunod sa mga batas at regulasyon sa pagbibigay ng ligtas, maayos at ligtas na lugar ng trabaho, walang diskriminasyon sa mga karapatan sa pagkakapantay-pantay, patas na kabayaran, kolektibong pakikipagkasundo at kalayaan sa pagsasamahan</p> <p>Isulong ang pagkakaiba-ibang uri at pagkakapantay-pantay sa mga manggagawa at kawani at sa pamamagitan ng aming mga <i>supply chain</i></p> <p>Bumuo at magpatupad ng sistema ng pamamahala sa paggawa upang itaguyod ang mga karapatang manggagawa sa buong proyekto kabilang ang mekanismo sa pagdinig ng karaingan ng mga manggagawa, plano sa pagtatrabaho at recruitment at plano ng tirahan</p> <p>Pagsasagawa ng pagsubaybay sa mga isyu sa karapatang manggagawa</p>

Mga panganib at epekto	Mga prinsipyo ng proyekto at pangunahing aksyon
Pagganap ng mga responsable para sa seguridad	<p>Panatilihin ang mga kawani at pasilidad habang iginagalang ang mga karapatang pantao at seguridad ng mga lokal na komunidad.</p> <p>Maingat na susuriin ang mga banta sa seguridad at makikipagtulungan kami sa pamahalaan at mga kasosyo upang mabawasan ang mga negatibong kahihinatnan. Ihahanay namin ang aming mga probisyon sa seguridad sa <i>Voluntary Principles on Security and Human Rights</i> at magbibigay ng pagsasanay sa mga empleyado at kontratista ng seguridad at sa mga karapatang pantao at naaangkop na paggamit ng puwersa.</p> <p>Bumuo, ipatupad at subaybayan ang isang plano sa pamamahala ng seguridad ng proyekto</p>
Kakayahang ng mga bulnerableng grupo (<i>vulnerable groups</i>) na manatiling makipagugnayan	<p>Itulot ang malawakang pakikipagugnayan at partisipasyon ng kababaihan at iba pang mahihinang grupo sa pamamagitan ng pagpupulong at konsultasyon sa mga lokal na komunidad.</p> <p>Igalang ang mga karapatan ng mga komunidad kung saan matatagpuan ang Proyekto at aktibong makipag-ugnayan sa lahat ng lokal na komunidad kabilang ang mga itinuturing na mahihinang grupo.</p> <p>Bumuo, ipatupad at subaybayan ang isang plano sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na komunidad</p>
Potensyal na pagkawala ng sensitibong personal na impormasyon	<p>Igalang ang pribadong karapatan sa pamamagitan ng pagprotekta sa personal na impormasyong hawak namin gaya ng nakabalangkas sa aming <i>Privacy Statement</i></p> <p>Subaybayan ang pagpapatupad ng aming <i>Privacy Statement</i></p>
Mga panganib sa internasyonal na hangganan para sa mga migrante at biktima ng <i>human trafficking</i>	<p>Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga paliparan sa paglaban upang sugpuin ang aktibidad ng <i>human trafficking</i> sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga kagawaran ng gobyerno at komunidad ng paliparan</p> <p>Bumuo, ipatupad at subaybayan ang isang plano sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad at plano sa pamamahala ng seguridad</p>
Pagkakaroon ng mahahalagang serbisyo sa mga gumagamit ng paliparan at mga <i>detainees</i>	<p>Makipagtulungan upang gawing sentro ang karapatang pantao sa mga proseso ng pamamahala para sa pagpapatakbo ng paliparan bilang <i>international border</i> sa pamamagitan ng paggawa ng mga kinakailangang serbisyo at probisyon na magagamit sa mga iregular na migrante sa pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang ahensya ng gobyerno</p> <p>Bumuo, ipatupad at subaybayan ang isang plano sa kalusugan at kaligtasan ng komunidad at plano sa pamamahala ng seguridad</p>
Pagkakaroon ng mga mekanismo para sa lunas o remedyo	<p>Pagbibigay remedyo sa mga apektadong kasapi sa pamamagitan ng whistleblowing policy ng SMC at pagtatag ng <i>public-facing</i> at <i>worker grievance mechanisms</i> upang mapahintulutan ang mga kasapi na magkaroon ng pagkakataon makapagsalita patungkol sa kanilang alalahanin, pangangailangan at karapatan, at humingi ng lunas o remedyo.</p>

Mga panganib at epekto	Mga prinsipyo ng proyekto at pangunahing aksyon
	Subaybayan at patuloy na pagbutihin ang pagpapatupad ng mga mekanismo ng karaingan at pagbibigay ng lunas o remedyo
Pagbibigay importansya sa mga lugar na may kalahalagahan sa lokal na kultura	<p>Ang mga lugar, kung saan itinuturing na <i>cultural heritage</i> o <i>cultural sites</i>, na apektado ng Proyekto ay dapat maiayos o ma-remedyohan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kinauukulang ahensya ng gobyerno</p> <p>Subaybayan ang pagpapatupad ng mga aksyon sa kasiyahan ng mga apektadong komunidad</p>
Ang paglabas ng mga panganib sa karapatang pantao sa buong pagpapatupad ng proyekto	<p>Magpatupad ng mga mekanismo ng pamamahala upang paganahin ang patuloy na pagkilala sa mga panganib at epekto sa karapatang pantao at manggagawa</p> <p>Pagbibigay ng lunas o remedyo para sa mga bagong umuusbong na panganib at epekto sa karapatang pantao</p> <p>Patuloy na pagsubaybay, at pagpapabuti kung kinakailangan, ng mga plano at sistema ng proyekto</p>

Pamamahala

Ang *Statement of Commitment* na ito ay nilathala at inaprubahan ng *senior management* ng SMAI. Ang dokumentong ito ay naaangkop sa lahat ng empleyado (permanente man, pansamantala o kawani na naka-kontrata). Isang *steering committee* ang mangangasiwa at magbibigay direksyon, habang ang binuong *working group* na kinuha mula sa mga departamentong may pangunahing responsibilidad para sa pagpapatupad. Ang pangkalahatang responsibilidad ay nasa lupon ng mga Direktor ng SMAI.

Maasahan na susunod ang SMAI sa mga naangkop na batas ng Pilipinas. Sa mga sitwasyon kung saan may pagkakaiba patungkol sa lokal na batas at karapatang pantao, gagawin namin ang lahat ng amin makakaya upang makapagbigay ng pinakamagandang solusyon batay sa *Statement of Commitment* na ito. Maaring gamitin ang mga iba't ibang paraan para sa pag-uulat ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa karapatang pantao. Lahat ng alalahanin, reklamo o paglabag ay sineseryoso at itatala, susuriin at iimbestigahan o ire-refer sa mga awtoridad upang mag-imbestiga, kung naaangkop. Kung ang isang pagsisiyasat ay napatunayan na may naganap na pagkakamali, ang naaangkop na aksyon ay maasahan.

Babalikan ng SMAI ang *Statement of Commitment* na ito taun-taon upang pag-isipan ang mga resulta ng aming patuloy na proseso ng pagsusuri at pinakamahusay na kasanayan.

Lagda:

Director, SMAI